Mga Dapat Malaman ng Pasyente

□ Ang Pangkalahatang Eksaminasyon sa Kalusugan (kasama ang oral na eksaminasyon) na ibinibigay ng National Health Insurance Service ay isinasagawa kada 2 taon (isang beses kada taon para sa mga empleyado na hindi nagtatrabaho sa opisina), at ang programa para sa medical care national screening para sa mga taong nasa transitional age ay isinasagawa kada dalawang taon para sa para sa mga kwalipikadong tumanggap ng mga medikal na benepisyo na 66 na taong gulang pataas at para sa mga sanggol at batang nagsisimula pa lamang maglakad at 4, 9, 18, 30, 42, 54, at 66 na buwang gulang. Maniningil para sa gastos para sa karagdagang eksaminasyon sa kalusugan maliban kung tinukoy na hindi sa itaas.

□ Mahalagang impormasyon para ma-diagnose ng doktor ang kondisyon o kalagayan ng pasyenteng sumasagot ng kwestyunaryo. Kaya laging siguraduhin na kumpleto ang kinakailangang masugatan sa papel.

□ Ang mga eksaminasyon para sa kanser ay mabibigay lamang sa ilan sa mga eksamen batay sa iyong pipiliin at kailangan mong bayaran ang 10% ng gastos medikal. (Ang lahat ng gastos para sa mga screening sa kanser sa cervix at kanser sa colon para sa mga subject sa pambansang screening sa kanser ay sasaklawin ng NHIS.)

□ Ang eksamen para sa kanser sa malaking bituka at tumbong (colorectal)ay para sa mga mas matanda na sa 50 taong gulang. Ang unang eksamen ay isang fecal occult blood test. Ang mga pasyenteng nakakuha ng positibong resulta sa unang eksamen lamang ang maaring sumailalim sa colon double contrast test o endoscopy sa pangalawang eksaminasyon.

□ Ang taong nakarehistro sa Benefit Extension Policy o sumailalim sa colonoscopy sa loob ng labinlimang taon ay maaaring ipagpaliban ang cancer screening.

□ Sakop ng National Health Insurance Service ang gastos para sa pangkalahatang eksaminasyon sa kalusugan (kasama ang oral na eksaminasyon), eksaminasyon sa kalusugan ng sanggol, mga screening para sa kanser sa serbikal, at mga screening para sa kanser sa colorectal, at programa para sa medical care national screening program para sa transitional age ay sakop rin nang buo.

□ Isang pagsusuri ng mga gawi sa pamumuhay (paninigarilyo, pag-inom, pag-eehersisyo, nutrisyon, at pagkakaroon ng labis na timbang) ang isinasagawa para sa mga pasyenteng 40, 50, 60, at 70 taong gulang. Ang mga inireresetang gamot para sa pagpapahusay ng gawi sa pamumuhay ay hindi maaaring gamitin para sa pagbibigay o paghahanda ng gamot.

□ Pinapaalalahan din kayo na sumunod sa mga dapat gawin bago magpacheck-up gaya ng hindi pagkain 8 oras bago ang check-up, huwag magtatrabaho sa gabi o huwag magpacheck-up ng may regla. Ang hindi pagsunod dito ay makakaapekto sa resulta ng pagsusuri.